NEW MUSLIM
ACADEMY

Ang Kasaysayan ni Propeta Joseph

(Yusuf)



Si Joseph ay isang Sugo ng Allah at ang kanyang kasaysayan ay nakasaad sa Qur’an. Siya ay ang anak ni Propeta Jacob, ang anak na lalaki ni Isaac (AS), na anak ni Propeta Abraham (AS). Siya ay nagmula sa pamilya ng mga Sugo ng Allah. Siya ay itinuturing na pinakamarangal sa mga tao dahil sa kanyang pinagpalang angkam. Inilaan ng Allah ang isang kabanata ng Qur’an na nagsasabi sa atin ng kasaysayan ni Propeta Joseph (AS). Ang kabanata #12, na ipinangalan kay Joseph (AS), isinalaysay ang pinagdaanan niyang mga pakikibaka, at ang paraan ng patuloy niyang pagtitiwala sa Allah sa buong buhay niya.

Ang Paniginip ni Propeta Joseph (AS)

Binanggit ng Allah na si Joseph (AS) ay nakakita ng isang panaginip, “O aking ama, katotohanan aking nakita [sa aking panaginip] ang labing-isang bituin, at ang araw at ang buwan, ang mga ito ay nakita kong nagpapatirapa sa akin.” [12:4]

Ang panaginip na ito ay nagkatotoo sa pagtatapos ng kasaysayan ni Propeta Joseph (AS). Si Satanas ang nagdulot ng tunggalian at inggit sa pagitan ni Propeta Joseph (AS) at ng kanyang mga kapatid, nguni’t dahil sa kanilang katapatan at paghiling sa biyaya at kapatawaran ng Allah, sa huli sila ay magkakasundo. Sa huli, ang pamilya ni Propeta Joseph (AS) ay darating sa kanyang harapan at siya ay pararangalan, at pasasalamatan niya ang Allah sa pagligtas sa kanyang pamilya mula sa impluwensya ni Satanas.

Ang mga Kapatid ni Propeta Joseph (AS)

Sinabi sa atin ng Allah na si Propeta Joseph (AS) ay may 11 kapatid na lalaki. Si Propeta Joseph (AS) ang pinakamamahal na anak ni Jacob (AS). Ito ang naging sanhi ng pagkainggit ng mga kapatid ni Propeta Joseph (AS) sa kanya. Nagdesisyon sila na alisin siya sa isang paraan o iba pa. Sa simula ay nagdesisyon sila na patayin siya, nguni't sa kalaunan ay nagdesisyon silang ihagis siya sa isang balon at iwanan siya dito. Sinabi ng Allah na, "Sinabi ng isa sa mga kapatid; Huwag patayin si Joseph, sa halip ay itapon siya sa isang balon at ang ilang mga dumaraan ay matagpuan siya at dalhin siya, ito ay mas mababang kasamaan kung talagang gusto mo siyang mawala." [12:10]

Nakumbinsi ng mga kapatid ni Propeta Joseph (AS) si Jacob (AS) na payagan siyang sumama at makipaglaro sa kanila. Hindi ito laging ginagawa ni Propet Jacob (AS), dahil alam niya ang inggit at tunggalian na umiiral sa magkakapatid. Tuluyan ng sumuko si Propeta Jacob (AS) sa hiling ng kanyang mga anak at sumang-ayon.

Itinapon si Propeta Joseph (AS) ng kanyang mga kapatid sa isang balon, nguni't bago isagawa ito, ay hinubad ang kanyang damit at pinuno ito ng dugo. Pagkatapos sila ay bumalik na bitbit ang buong damit na puno ng dugo sa kanilang ama, na sinasabing si Propeta Joseph (AS) ay nilapa ng isang lobo. Nalaman ni Propeta Jacob (AS) ang kasinungalingan na sinasabi, nguni't siya ay nanatiling matatag at mapagtiis, ipinagkatiwala ang kanyang kapakanan at ni Propeta Joseph (AS) sa Allah.



Si Propeta Joseph (AS) at ang Pagkaalipin

Si Propeta Joseph (AS) ay natagpuan ng isang karawahe ng mga manlalakbay at dinala sa Ehipto,kung saan siya ay ibinenta sa pagkaalipin.

Siya ay naging alipin ng pangalawa sa pinaka-makapangyarihang tao sa bansa, ang pinakamataas na ministro ng gobyerno. Ang mga pagsubok na ito na iniwan ng sarili niyang mga kapatid at pagkatapos ay binenta sa pagkaalipin ay napagtagumpayan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagmamahal ni Propeta Joseph (AS) sa Allah.

Sinabi ng Allah, “At nang siya ay umabot sa kanyang wastong gulang, siya ay Aming ginawaran ng karunungan at kaalaman [sa pagiging Propeta] at ganyan nga Namin ginagantimpalaan ang mga mapaggawa ng kabutihan.’ [12:22]

Si Propeta Joseph (AS) ay pinagkalooban ng nakamamanghang kagandahan gayundin ng kaalaman. Ang maybahay ng ministro ay nahumaling kay Propeta Joseph (AS). Sinubukan niya itong akitin, nguni’t natagpuan niya na si Joseph (AS) ay isang tao na may integridad at mabuting pag-uugali.

Sa isang pangyayari, habang sinusubukan niyang akitin ito, si Propeta Joseph (AS) ay patalikod na lumayo mula sa kanya. Sinunggaban niya ang kanyang damit at napunit ito mula sa likuran. Matapos nito, ay pumasok ang kanyang asawa. Kaagad, ang maybahay ng ministro ay nagsimulang akusahan si Propeta Joseph (AS) na sinubukan siyang halayin. Gayunpaman, ay may nagturo sa ministro na ang damit ay napunit mula sa likuran na nagpapatunay na si Propeta Joseph (AS) ay sinubukang lumayo mula sa kanya (maybahay).

Narinig ng mga maharlikang taga Ehipto ang mga bulong-bulungan kung paano dinaig ang asawa ng ministro ng pagnanasa kay Propeta Joseph (AS). Para ipagtanggol ang sarili, siya ay nagplano at nag- imbita ng mga marangal na kababaihan ng Ehipto sa kanyang tahanan. Inutusan niya si Propeta Joseph (AS) na iharap ang sarili sa kanila upang una siyang makita at direktang malantad ang kanyang kagandahan.

Nang makita siya, ang mga kababaihan ay napabulalas. “Ito ay hindi isang tao! “Ang kagandahang taglay niya ay hindi makikita sa sinumang tao. Maaari lamang siyang maging isa sa mga banal na Anghel.” [12:31] Pagkakita ng mga nangyayari, si Propeta Joseph (AS) ay nanalangin sa Allah, “O aking Panginoon, ang kulungan, na pinanakot sa akin, ay mas mabuti sa akin kaysa sa kahiya-hiyang gawain na ipinupukol sa akin. Kung hindi Mo aalisin ang pakana nila sa akin, maaari akong sumandal sa kanila at ako ay maging isang mangmang - kung pagbibigyan ko sila at gawin ang gusto nilang gawin ko.” [12:33]

Si Propeta Joseph (AS) ang Bilanggo

Si Propeta Joseph (AS) ay nakulong ng hindi makatarungan. Subali't pinili niya ang kulungan kaysa sa pagsuway sa Allah. Sa kulungan, ay may dalawang bilanggo na lumapit sa kanya, bawat isa ay may nakitang isang panaginip at nagtanong kay Propeta Joseph (AS) kung ang kanilang mga panaginip ay kaya niyang bigyang kahulugan. Ang isa ay nakakita na pinipiga niya ang mga ubas para gawing alak at ang isa ay nakakita ng mga ibon na kumakain ng tinapay sa ibabaw ng kanyang ulo.

Bago bigyang kahulugan ang kanilang mga panaginip, ay itinuro sa kanila ni Propeta Joseph (AS) ang tungkol sa Allah at kung paano Siya (ang Allah) dapat sambahin mag-isa. Ipinabatid sa kanila na dapat nilang itakwil ang lahat ng iba pang huwad na diyos. "Sinabi ni Propeta Joseph (AS) na sinusundan niya ang landas ng kanyang mga ninuno, na sila Abraham, Isaac at Jacob (AS); ang landas ng pagsamba lamang sa Allah.

Kanyang sinabi na mali para sa kanila na magtambal ng sinuman o anumang bagay sa Allah, na nag-iisa sa Kanyang Kaisahan. Ang pagkakaroon nila ng kakayahan na sambahin ang Allah ng mag-isa at magkaroon ng paniniwala na mayroon siya at ang kanyang mga ama na mula sa biyaya ng Allah na ipinagkaloob sa kanila. Propeta Joseph (AS), at kaya siya ay nanatili sa kulungan ng halos isang dekada.

Si Propeta Joseph (AS) ang Bilanggo

Ito rin ay mula sa biyaya ng Allah na ipinagkaloob sa lahat ng mga tao, mula ng ipinadala Niya (ang Allah) sa kanila ang kanyang mga Sugo kaakibat ang mensaheng ito; nguni't karamihan sa mga tao ay hindi nagpapasalamat sa Allah para sa Kanyang mga biyaya, at sa halip ay walang utang na loob na hindi naniniwala sa Kanya.

" [12:38] Sinabi ni Propeta Joseph (AS) sa kasamang bilanggo na nakakita ng mga ibon na kumakain ng tinapay sa ibabaw ng kanyang ulo na siya ay ipapako para sa kanyang mga krimen. At para sa isa na nakakita ng pinipiga na mga ubas, siya ay makakalaya sa bilangguan at sa huli ay magsisilbi sa hari bilang isang tagahain ng alak. Hiniling ni Propeta Joseph (AS) sa huli na banggitin ang kanyang kaso sa hari at kung paano siya nakulong ng hindi makatarungan. Gayunpaman, paglabas ng bilangguan, ay nakalimutan ng lalaki ang tungkol kay Propeta Joseph (AS), at kaya siya ay nanatili sa kulungan ng halos isang dekada.

Ang Panaginip ng Hari

Ang hari ng Ehipto ay nakakita ng isang panaginip, “Isang araw ay sinabi ng hari na siya ay nanaginip kung saan may pitong matatabang mga baka na kinain ng pitong payat na baka, at pitong berdeng uhay o busal ng mais at pitong tuyong busal ng mais. Tinanong niya ang mga kilalang tao at mga maharlika na sabihin sa kanya ang kahulugan ng panaginip na ito, kung marunong silang bigyang kahulugan ang mga panaginip.” [12:43] Hiniling niya sa kanyang mga tagapayo na bigyang kahulugan ang panaginip na ito. Pagkarinig nito, ay naalala ng dating kasamahang bilanggo si Propeta Joseph (AS). Hiniling niya sa hari na payagan siyang pumunta at bisitahin si Propeta Joseph (AS) at alamin ang kahulugan ng panaginip na ito.



Ipinabatid sa kanya ni Propeta Joseph (AS) na ang panaginip ay nagpapahiwatig ng isang panahon ng taggutom at tagtuyot. Gayunpaman, bago dumating, ay mayroon silang pitong taon na kung saan kung sila ay nagplano para sa taggutom, sila ay mabubuhay, sa kabila ng kahirapan. Ang taggutom ay tatagal ng pitong taon, pagkatapos ito ay magtatapos. Pagkarinig sa kwento ni Propeta Joseph (AS), ay inutos ng hari ang kanyang paglaya. Gayunpaman, ay tumanggi si Propeta Joseph (AS) hanggang sa umamin ang babae na nag-akusa sa kanya at nakumpirma ang kanyang pagiging inosente. Matapos nilang magkasundo na gawin ito, ay nilisan ni Propeta Joseph (AS) ang bilangguan. Siya ay pinarangalan ng hari at hinirang siya na kanyang pinakamataas na ministro upang pangunahan ang bansa sa paparating na taghirap na panahon.

Ang Muling Pagkikita ni Propeta Joseph (AS) at Kanyang mga Kapatid

Sa panahon ng taggutom, ang mga kapatid ni Propeta Joseph (AS) ay dumating sa kanyang hukuman upang humingi ng tulong. Hindi nila nakilala si Propeta Joseph (AS), subali't nakilala niya ang mga ito.

Naiwan ng magkakapatid ang kanilang bunsong kapatid na si Benjamin. Tinanong ni Propeta Joseph (AS) kung bakit hindi lahat sila dumating, at na hindi nila matatanggap ang kanilang buong rasyon hanggang sa dumating ang lahat ng miyembro ng pamilya. Kinumbinsi ng magkakapatid ang kanilang ama na si Jacob (AS) na payagan si Benjamin na maglakbay kasama nila.

Nang sila ay bumalik, maingat na isiniwalat ni Propeta Joseph (AS) ang kanyang tunay na pagkatao kay Benjamin at sinabihan siya na umayon sa planong binuo niya. Inilagay ni Propeta Joseph (AS) ang mangkok na panukat ng hari sa lalagyan ni Benjamin. Ang magkakapatid ay inakusahan ng pagnanakaw. Nang ang mangkok ay matagpuan sa lalagyan ni Benjamin, siya ay pinigilan at ang iba pang mga kapatid ay dapat ng bumalik kay Jacob at sabihin sa kanya kung paano siya nawalan ng pangalawang anak.

Nang marinig ito, si Jacob (AS) ay nanalangin sa Allah, at inutusan ang kanyang mga anak na bumalik sa Ehipto at magtanong tungkol sa kanyang mga nawawalang anak. Nang lumapit ang mga anak kay Propeta Joseph (AS), ay ipinakilala niya sa kanila ang kanyang tunay na pagkatao. Napagtanto ng magkakapatid ang pagkakamali na kanilang ginawa at kung paano pinarangalan ng Allah si Propeta Joseph (AS). Hiningi nila ang kanyang kapatawaran. “Tinanggap ni Propeta Joseph (AS) ang paghingi nila ng tawad, sinasabi na walang sinisisi sa kanila na nangangailangan ng isang parusa, o anumang pagpuna, mula sa araw na iyon. Hiniling niya na patawarin sila ng Allah, dahil Siya (ang Allah) ang pinaka-Maawain sa mga mahabagin.” [12:92]

Hiniling ni Propeta Joseph (AS) sa kanyang mga kapatid na dalhin ang kanilang mga magulang sa Ehipto, at kaya ang pamilya ay muling nagsama-sama.

Sa kabuuan ng mga kaganapan at mga pagsubok sa kanyang buhay, si Propeta Joseph (AS) ay nanatiling matatag sa pananampalataya at sa kanyang pagtitiwala sa Allah. Binanggit ng Allah ang mga salita ni Propeta Joseph (AS) nang siya ay muling nakasama ng kanyang pamilya,

“Sinabi ni Propeta Joseph (AS) na ang kanyang Panginoon ay naging mabait sa kanya sa pamamagitan ng pagpapalaya sa kanya sa bilangguan, at dinala lahat sila sa kanya mula sa disyerto matapos sirain ni Satanas ang mga bagay sa pagitan niya at ng kanyang mga kapatid; at na ang kanyang Panginoon (ang Allah) ay mahusay sa pagpaplano sa kung ano ang Kanyang nais mangyari, Alam ang kalagayan ng Kanyang mga alipin, Matalino sa Kanyang pagpaplano.” [12:100]



Isang Magandang Panalangin Para sa Isang Magandang Pagtatapos

Tinapos ni Propeta Joseph (AS) ang kanyang buhay sa isang magandang panalangin na binanggit sa Qur'an. "Aking Panginoon, binigyan Mo ako ng lakas at kapangyarihan sa lupa at tinuruan ako na bigyang kahulugan ang mga panaginip. Ikaw ang Lumikha ng mga kalangitan at ng sandaigdigan, nagmula sa kanila nang wala silang katulad. Ikaw ang Tagapagtanggol ng lahat ng aking mga gawain sa buhay sa mundong ito at ang Tagapagtanggol ng aking mga gawain sa Kabilang Buhay. Kunin ang aking kaluluwa habang ako ay nasa antas ng pagpapasakop sa Iyo bilang isang Muslim. Ibilang Mo ako sa mga matutuwid na Sugo mula sa aking mga ninuno at iba pa na nasa pinakamataas na antas ng Paraiso." Aameen [12:101]

newmuslimph

newmuslimph

newmuslimph

newmuslimacademy.ph